



--	--	--	--	--

Centre Number

--	--	--	--	--	--	--	--	--

Student Number

## 2009 PUBLIC EXAMINATION

# Filipino

## Continuers Level

**Tuesday 20 October: 2 pm Eastern Standard Time**

Reading Time: 10 minutes

Working Time: 2 hours and 50 minutes

- You have 10 minutes to read all the papers and to familiarise yourself with the requirements of the questions. You MUST NOT write during this time.
- Monolingual and/or bilingual printed dictionaries may be consulted during the reading time and also during the examination.

### Section 1: Listening and Responding (30 marks)

#### Instructions to Students

1. Allow approximately 50 minutes for Section 1.
2. Write all your answers to the questions in Section 1 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ALL questions in Part A and Part B.
4. Answer Part A in ENGLISH and Part B in FILIPINO.
5. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
6. All question booklets will be collected at the end of the examination.

**Part A****20 marks****Attempt Questions 1–5**

*When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:*

- *understand general and specific aspects of texts by identifying and analysing information and convey the information accurately and appropriately*

You will hear FIVE texts. Each text will be played twice. There will be a short break between the first and second playings in which you may make notes.

Listen carefully to each text and then answer the questions in ENGLISH.

**Text 1**

1. (a) Why does Nina tell her father about the ticket?

**1**

You may  
make notes in  
this space.

- (A) He can use it at night.
- (B) He travels daily by train.
- (C) It is cheaper than usual.
- (D) It is available until New Year.

(b) How does Nina's father respond? Give reasons.

**2**


---



---



---

**Text 2**

2. Why does Krista suggest that Boyet should speak to their boss?

**3**


---



---



---



---



---



---

**Text 3**

3. Explain the rating that Mara gives this film.

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

4

You may  
make notes in  
this space.

**Text 4**

4. What are the key points of this news item?

4

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

**Text 5**

5. (a) What did Nick say he was doing on the computer?

- (A) Checking his hours
- (B) Surfing the internet
- (C) Installing software
- (D) Searching for a document

  
  
  
**1**

You may  
make notes in  
this space.

(b) How does the language that Nick and Betty use reflect their personalities?

**5**

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

## Part B

**10 marks**

## Attempt Questions 6–7

*When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:*

- *understand general and specific aspects of texts by identifying and analysing information*
  - *convey the information accurately and appropriately*

You will hear TWO texts, one relating to Question 6 and one relating to Question 7. Each text will be played twice. There will be a short break between the first and second playings in which you may make notes.

Listen carefully to each text and then answer the questions in FILIPINO.

## Text 6

6. What strategies does Lito Magluto use to get his message across? Give examples from the text to support your answer.

3

You may  
make notes in  
this space.

*Anu-anong mga paraan ang ginamit ni Lito Magluto sa pagbibigay ng kanyang mensahe?*

*Magbigay ng mga halimbawa buhat sa iyong napakinggan upang ipaliwanag ang iyong sagot.*

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

**Text 7**

7. (a) Why might Arman's parents hesitate to lend him the car?

*Bakit mag-aalangan ang mga magulang ni Arman na ipahiram sa kanya ang kotse?*

---

---

---

---

**2**

You may make notes in this space.

- (b) What does this conversation reveal about the relationship between Arman and Mel? Support your answer with reference to the text.

*Ano ang makikita sa usapang ito tungkol sa relasyon ni Arman at ni Mel? Ipaliwanag ang iyong sagot buhat sa iyong napakinggan.*

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

**5**

**End of Section 1**

BLANK PAGE

BLANK PAGE



--	--	--	--	--

Centre Number

--	--	--	--	--	--	--	--	--	--

Student Number

## 2009 PUBLIC EXAMINATION

# Filipino Continuers Level

### Section 2: Reading and Responding (30 marks)

#### Instructions to Students

1. Allow approximately 1 hour and 15 minutes for Section 2.
2. Write all your answers to the questions in Section 2 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ALL questions in Part A and Part B.
4. Answer Part A in ENGLISH and Part B in FILIPINO.
5. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
6. All question booklets will be collected at the end of the examination.

**Part A****20 marks****Attempt Questions 8–9**

*When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:*

- understand general and/or specific aspects of texts, by, for example, comparing, contrasting, summarising, or evaluating, and convey the information accurately and appropriately

8. Read the text and then answer in ENGLISH the questions that follow.

The screenshot shows a Microsoft Word document window. At the top, there's a menu bar with File, Edit, View, Insert, Format, Tools, Table, Window, and Help. Below the menu is a toolbar with icons for Send/Recv, New Mail, Open, Save, Print, Find, Copy, Paste, Undo, Redo, and Insert. The main content area contains an email message:

From: Ynez@usapan.net  
 To: Barkada One  
 Subject: Kumusta na

Ika-15 ng Disyembre

Hi mga Barkada,

Pustahan, akala ninyo nag-holiday na 'ko o baka lumayas na sa bahay. (Joke lang ha!) Mga sis – nasa “work experience” lang. ’Wag ninyo akong kalilimutan para sa darating na bakasyon. Ito nga, handa na ’kong mag-parti!

Alam ba n’yo na malungkot akong narito sa Bridgetown Animal Shelter? Sis, para bang galit ako sa ibang tao sapagkat ang magagandang mga aso at pusang inaalagaan ko rito ay walang mga taga-angkop na pamilya. Ang karamihan sa kanila’y ligaw o itinaboy ng mga dating may-ari. Gusto kong tulungan silang lahat, subalit hindi ko kaya!

Tuloy, napag-pasiyahan ko na hindi na muna ako bibili ng aso. Nauunawaan ko ngayon na ang mabuti at sapat na pangangalaga ng aso o pusa ay isang responsibilidad na may kabigatan! Nakakalungkot isipin, at hindi ko alam kung paanong malulutas ang suliraning ito sa kasalukuyan.

Hihintayin ko na lamang magsama-sama tayong muli. Mis-na-mis ko na kayong lahat. Mahirap palang namamasukan araw-araw ano?

Hihintayin ko na rin ang inyong e-mail tungkol sa plano natin para sa bakasyon. Balita naman diyan ha! O sige, gabi na. ’Wag ninyong kalilimutan na isama ako sa plano ng barkada!

Ynez

**Question 8 continues on page 3**

## Question 8 (continued)

- (a) Why did Ynez send this email to her friends?

2

---

---

---

---

- (b) How does Ynez feel about her work experience? Support your answer with reference to language and content.

5

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

**End of Question 8**

9. Read the text and then answer in ENGLISH the questions that follow.

*Kinaka-panayam ng isang reporter si Alfonso Romero, isang tanyag na manunulat.*

REPORTER: Ginoong Romero, ano ang paksa ng inyong bagong aklat?

G. ROMERO: Ang aking aklat ay tungkol sa nag-iibang palaisipan tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas.

REPORTER: Ano ang nag-iibang palaisipang ito?

G. ROMERO: Katulad ko, marami ngayong naniniwala na ang ating katutubong kultura ay hindi nabibigyan ng sapat na kahalagahan sa ating kasaysayan. Higit na binibigyang pansin ang kapanahunan ng mga Kastila at Amerikano.

REPORTER: Paano niyo nabuo ang konklusyon na ito?

G. ROMERO: Sa pamamagitan ng pagbabasa at pagsusuri ng maraming aklat tungkol sa ating kasaysayan. Namahagi rin ako sa mga mag-aaral at sa isang malaking bahagi ng mamamayan ng isang palatanungan tungkol sa ideyang ito.

REPORTER: Tama lang naman na pahalagahan ang panahon ng Kastila at Amerikano dahil malaki ang ini-unlad ng ating bayan sa panahong ito.

G. ROMERO: Hindi ako sang-ayon sa ‘yo. Matatag na ang kabuhayan ng mga Pilipino bago dumating ang mga dayuhan.

REPORTER: Subalit binigyan nila tayo ng pagkakataon na makakita ng mga bagong ideya mula sa ibang bansa.

G. ROMERO: Hindi natin kailangan ang mga dayuhan na magbigay sa ‘tin ng mga bagong ideya. Matalino ang katutubong lahing Pilipino.

REPORTER: Hindi ko ibig sabihin na kulang tayo sa katalinuhan. Sa palagay ko ay nakadagdag sa ating karunungan at karanasan ang impluwensiya ng dala ng mga Kastila at Amerikano.

G. ROMERO: Magka-iba tayo ng paniniwala tungkol diyan.

REPORTER: Anong pagbabago ang nais ninyong makita?

G. ROMERO: Para sa mga nakababatang mamayang katulad ko, nais kong makita na pina-pahalagahn ng mga aklat ang ating katutubong kultura. Dapat ituro sa mga paaralan ang pangkalahatang kabatirang ito ng ating kasaysayan.

- (a) What is the subject of Mr Romero's new book?

2

---



---



---



---

Question 9 continues on page 5

### Question 9 (continued)

- (b) What methods did Mr Romero use to form his conclusion?

2

---

---

---

---

---

- (c) What personal qualities does Mr Romero reveal in the interview? Support your answer with reference to the text. **4**

4

- (d) Compare and contrast the viewpoints that Mr Romero and the reporter have on Philippine history. **5**

5

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

End of Question 9

**Part B****10 marks****Attempt Question 10**

*When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:*

- understand general and specific aspects of a text by identifying, analysing, and responding to information
- convey information coherently (structure, sequence, accuracy and variety of vocabulary and sentence structure) and appropriately (relevance, use of conventions of the text type)

**10.** Read the text and then answer in 150–200 words in FILIPINO the question that follows.

Ika-27 ng Enero 2009

Student Representative Council  
East Riverside High School

Hello SRC,

Napansin ko na maraming mabuting mga proyekto ang nagawa ng SRC dito sa ating paaralan. Ako (at iba pang mga kamag-aran), ay umaasang makatulong sa SRC sa pamamagitan ng isang “fundraiser” para sa ating bagong silid aklatan.

Maaari bang basahin ninyo ang polyetong kasama ng aking sulat? Umaasa ako na ang SRC ay maisatupad ang isang “fundraising event” katulad ng “gabi sa pelikula”.

Umaasang makakatulong,

Reggie Blancaflor Year 12

## DARATING NA

Buhat sa mga tanyag na direktor na sina  
**Gloria Gomez at Hector Hidalgo**

### Basta Mag-Kasama, Kayang-kaya

Batay sa mga tunay na pangyayari sa mga pamilyang Gomez at Hidalgo... Ang kaakit-akit na kuwento ng mga pamilya ngayon.

Magsama-sama at himukin ang mga kamag-anak, kaibigan at kapit-bahay na panoorin ang pelikula at pagtatanghal nina **Marissa Guillermo**, **Tita Lourdes** at espesyal na bisitang si **Doña Josephina Estrella**.

Ito'y tiyak na di-malilimutan!

Sa Golden Twin Cinema Complex  
East Riverside

Mula sa ika-19 ng Pebrero hanggang ika-5 ng Marso

Tawagan ang sinehan sa Tel. 1234 5678

Write the SRC response to Reggie's letter. Refer to information in both the letter and the leaflet.

*Isulat ang sagot ng SRC sa liham ni Reggie. Tukuyin ang impormasyon buhat sa liham at polyeto.*

You may make notes in this space.

## Filipino Continuers Level

### Question 10

End of Section 2



--	--	--	--	--

Centre Number

--	--	--	--	--	--	--	--	--	--

Student Number

## 2009 PUBLIC EXAMINATION

# Filipino

## Continuers Level

### Section 3: Writing in Filipino (15 marks)

#### Instructions to Students

1. Allow approximately 45 minutes for Section 3.
2. Write your answer to a question from Section 3 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ONE question in FILIPINO.
4. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
5. All question booklets will be collected at the end of the examination.

**Total marks – 15**

**Attempt ONE question from Questions 11–12**

*When judging performance in this section, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates:*

- *relevance and depth of treatment of ideas, information, or opinions*
- *accuracy and range of vocabulary and sentence structures*
- *the capacity to structure and sequence response and capacity to use conventions of the text type*

Answer ONE question from this section in 200–250 words in FILIPINO.

- 11.** You have been asked to write an article for the last issue of your school magazine before the holidays. The editors want your contribution to be interesting and entertaining. With this in mind, write an article entitled: ‘I do it my way – Ways to remain healthy and safe while on holidays’.

*Naatasang kang sumulat ng lathalain para sa huling isyu ng magasing pampaaran bago magbakasyon. Nais ng mga patnugot na ang iyong kasulatan ay kawili-wili at nakakaaliw. Isaisip ito sa pagsulat mo ng iyong lathalaing pinamagatan: “Gagawin ko ‘my way’ – mga paraan upang manatiling malusog at ligtas sa pagbabakasyon”.*

- 12.** To celebrate Friendship Week, your Filipino teacher has asked your class to write a short story for your local newspaper. Use ideas from the verse below to write your story.

*Family and friends  
Part of life’s journey  
What does tomorrow bring  
Where does the road lead?*

*Bilang pagdiriwang ng Linggo ng Pagkakaibigan, inatasan ng guro sa Filipino ang klase mo na sumulat ng maikling kuwento para sa pahayagang lokal. Gamiit ang mga ideya buhat sa tulang ito sa pagsulat ng iyong kuwento.*

*Pamilya at kaibigan  
Kabahagi sa pakikipagsapalaran  
Ano kaya ang bukas  
Saan patungo ang landas?*

---

You may make notes in this space.

### Question Number:



End of Section 3

BLANK PAGE

BLANK PAGE

BLANK PAGE



**2009** PUBLIC EXAMINATION

# **Filipino**

## **Continuers Level**

**Section 1: Listening and Responding**

## **Section 1, Part A**

### **Text 1**

[Scenario: *Ticket sale / fare reduction*]

NINA: Hello 'tay! Narinig n'yo ba na bumaba ang pamahe sa bus?

TATAY: Mabuti naman. Makakatipid ako at mababawasan ang paggamit ko ng kotse.

NINA: Ang anim na dolyar ay magiging apat na dolyar. Subalit, maaring gamitin ito hanggang katapusan ng buwan lamang.

TATAY: Okay na rin. Eh, anong oras puwedeng gamitin?

NINA: Mula alas nuwebe ng umaga hanggang alas kuwatro ng hapon.

TATAY: Tamang-tama 'yon kasi sa araw lang naman ako lumalabas.

### **Text 2**

[Scenario: *Two young people compare wages.*]

KRISTA: Magkano ang na suweldo mo? Pareho lang tayo, di ba?

BOYET: Siguro. Sumuweldo ako ng limampung dolyar at apatnapung sentimos.

KRISTA: Tignan mo, mukhang mali ang ibinigay nilang bayad sa 'yo.

BOYET: Bakit?

KRISTA: Ang nakuha ko'y limampu't walong dolyar at walong pung sentimos. Pareho naman ang edad natin at pitong oras tayong nagtrabaho noong Sabado. Kausapin mo ang amo. Kailangang pareho ang suweldo natin!

BOYET: Tama na 'yon. Saka, babae ka... siguro kaya mas mataas ang bayad sa 'yo.

KRISTA: Para ka namang walang isip. Kausapin mo ang amo at sabihin mo na nagkamali sila.

### **Text 3**

*[Scenario: Talk by a Film Critic about a new movie release on DVD.]*

Lumabas na sa DVD ang pelikulang pinamagatang “Ikaw ang Tunay na Mahal ko”. Binigyan ko ito ng 3 istar sa lima. Mayroong mga hindi sasang-ayon sa kin. Maganda ang pagkakagawa nito, ang epekto ng kamera-superb! At, talaga namang makatotohanan ang pagkaganap nina Liza Moreno at Rod Marquez sa papel na Terya at Isko. Sa totoo lang, sumakit ang tiyan ko sa katatawa. Ngunit na-isip ko na baka hindi bagay panoorin ng mga kabataan ito. Ginawang katawa-tawa ang mga kaugalian ng mga matatanda.

Hindi ko sinasabing huwag panoorin ang pelikulang ito. Maganda ang istorya at talagang nakaka-aliw. Subalit mayroong mga ideya na sa tingin ko'y hindi kanais-nais.

Eto po si Mara Cruz, sumasainyo sa... “Bagong Labas na DVD”.

### **Text 4**

*[Scenario: News Item: Mr Sanchez calling on the public to support the Youth Sport and Holiday Centre]*

Balita Ngayon! Ang Youth Sport and Holiday Centre ay nabigo na naman sa kanilang pagsisikap na madagdagan ang kanilang pondo.

Ayon sa tagapamahala na si Ginoong Amado Sanchez, kailangan ng senter ang dagdag na pondo – hindi lamang para sa tauhan, kung hindi para na rin maayos ang lumang kusina ng senter.

Sabi rin ni Ginoong Sanchez na maliban sa pang-suweldo, hindi sapat ang pang-araw-araw na panggastos para sa mga kinakailangan na bilhin.

Ang Youth Sport and Holiday Centre ay itinayo upang mabigyan ang mga kabataan ng lugar na kung saan nila maaaring maranasan ang ibat-ibang uring libangan at isport.

Nanawagan si Ginoong Sanchez sa mga interesadong mamamayan na sumulat sa namamahalang pamahalaang lokal upang bigyan-diin ang mga panganga-ilangan ng Youth Sport and Holiday Centre.

## Text 5

[Scenario: Two young employees discussing computer use]

BETTY: Ano ang ginagawa mo sa kompyuter, Nick?

NICK: Meron akong hinahanap na dokumento.

BETTY: Eh bakit nasa internet ka? Hindi ba alam mo na oras ng tanghalian lamang puwedeng tayo ang gumamit ng internet? Oras pa ng trabaho ngayon.

NICK: Hindi ako nag-i-internet. Namali lang ang na-klick kong buton.

BETTY: Hindi mo ako puwedeng lokohin. Nakita ko na nasa internet ka. Alam mo ba na maari kang maalis sa trabaho pagnatuklasan 'yan ng amo natin?

NICK: Matutuklasan lang kung isusumbong mo 'ko. Hindi naman nila nalalaman ang ginagawa natin sa kompyuter.

BETTY: 'yan ang mali mo. May teknolohiya na ngayon upang masubaybayan kung sino ang gumagamit ng kompyuter at kung ano ang ginagawa sa kompyuter.

NICK: Part-time lang naman tayo dito. Sa palagay ko hindi nila hihihigpit.

BETTY: Ano ka ba Nick? Hindi mo ba nauunawaan na higit na kailangan nating maging maingat dahil nga part time lang tayo dito? Kailangan natin ang trabahong ito. Umalis ka diyan sa kompyuter at kailangan kong gamitin.

NICK: Mag-i-internet ka din siguro ano?

BETTY: Hindi ako katulad mo, Nick. Para sa trabaho ko lang ginagamit ang kompyuter.

NICK: Naks, ang bait mo naman. Siguradong magiging amo ka agad dito. O, ayan, sa 'yo na ang kompyuter. Pagbutihin mo ang gamit, ha!

## **Section 1, Part B**

### **Text 6**

*[Scenario: Male Celebrity Chef, Mr Lito Magluto, encourages men/boys to cook.]*

CELEBRITY CHEF: Narito na naman ang “Tanyag na Kusinero” o “Celebrity Chef”! Si Tito Lito Magluto.

Inaanyayahan ko kayong mga lalake, mga tatay, mga anak, at pati na ring mga lolo na magluto!

Ang pagluluto ay madali, masaya, nagdudulot ng ligaya at, masarap pa.

Halimbawa “Tusilog” – Tusino, Sinangag at Itlog. ...aray! Naku! Pag-ingatan n’yo ang mainit na mantika.

Makinig nang mabuti! Para sa sinangag – kailangan ang malamig na kanin, kaunting mantika, bawang at asin.

Luto na!  
Kumain tayo habang mainit pa!

Di ba? Magandang surpresa ’yan sa inay, asawa, kasintahan o biyanan? Hindi ba sila matutuwa? Siyempre naman – at matutuwa ka rin sapagkat ikaw ngayon ang bagong hepe ng kusina.

Sa susunod muli dito sa “Magluto Tayo – ni Lito Maaag...luto!”

## Text 7

[Scenario: Conversation between brother (Arman) and sister (Mel)]

ARMAN: Ate Mel, tulungan mo naman akong magpaalam kay Daddy at Mommy. Hihiramin ko sana 'yung kotse para sa 'Graduation Ball' namin.

MEL: Ano? At bakit mo naman inakalang ipapahiram nila sa 'yo 'yung kotse? Bagong – bago yata iyon. Baka pati ako madamay 'pag nagalit sila.

ARMAN: Sige na naman. Maingat naman akong magmaneho.

MEL: Uuh, tingnan mo nga 'yang kotse mo, puro gasgas.

ARMAN: Dati na 'yon. At saka nakakahiya naman sa "partner" ko kung kakarag-karag ang sasakyen.

MEL: Arman, dapat mong intindihin na kapakanan mo rin ang iniisip ko. Ayaw ko lang na malagay ka sa panganib, pati na 'yung "partner" mo. Matanong ko nga, sino ba ang "partner" mo?

ARMAN: Sino pa kundi si Nerissa. Suwerte ko nga't umo-o siya kaagad.

MEL: Aba, boto ako sa kanya. Masuwerte ka talaga. Eh, siya kaya masuwerte rin?

ARMAN: Ate naman, huwag mo naman akong alaskahin. Nerbyos na nerbyos na ako.

MEL: Mabuti pa, magpahatid-sundo na lang kayo kay Daddy. Siguradong papayag 'yon, kasi ganoon din silang nagkalapit ng husto ni Mommy, di ba? Hinatid-sundo rin sila ni lolo sa "Graduation Ball" nila.

ARMAN: Tulungan mo akong magsabi kay Daddy, ha?

MEL: Basta ikaw... at si Nerissa, "all the time".

ARMAN: Ay, salamat. Papano na kaya ako kung wala ang Ate Mel ko.

MEL: Puwede bang umutang diyan?